



Simulation Activity para sa mga Bagong Accredited na Konsulta Provider, Isinagawa sa Cotabato

By Hanah G. Naanep, PRO XII

Isang simulation activity ang isinagawa ng PhilHealth Regional Office (PRO) XII sa tatlong pasilidad sa Probinsya ng Cotabato noong Agosto 12, 2022 bilang paghahanda sa pagbibigay ng Konsulta Package sa mga miyembro. Kabilang dito ang Kidapawan City Hospital, CEM Medical Specialist at Midsayap Diagnostic Center.

Ang aktibidad na ito ay naglalayong makita kung paano gawin ang buong proseso sa paggamit ng Konsulta package mula sa pagpapatala ng pasyente, pagsasagawa ng konsultasyon o check-up hanggang sa

pagreseta ng gamot at pagbibigay ng laboratory request ayon sa assessment ng duktor.

Ang simulation activity ay ginagawa ng PRO XII para sa mga bagong accredited na Konsulta providers upang mabigyan sila ng first-hand experience kung paano gawin ang buong proseso sa paggamit ng benepisyo.

Sa kasalukuyan ay mayroon nang 48 accredited na Konsulta providers ang Socsargen Region at patuloy ang isinasagawang paghikayat sa mga providers na maging bahagi ng pinalawak na benepisyo para sa preventive health care ng PhilHealth sa pamamagitan ng Konsulta Package. ###